| Aralin 4 | الدرس الرابع |
| --- | --- |

## Ang Wudú’

Hindi tanggap ang saláh na walang wudú’ ayon sa sabi ng Sugo (SAS):[1] ***Hindi tatanggapin ni Alláh ang saláh ng sinu-man sa inyo kapag nawalan ng saysay ang wudú’ hangga’t hindi siya nagsasagawa ng wudú’.*** Ang wudú’ ay ang pag-huhugas na kinakailangan upang maging tanggap ang saláh. Kailangan din ang wudú’ kapag magsasagawa ng Tawáf (pag-ikot ng pitong ulit) sa palibot ng Ka‘bah at kapag hihipuin ang pahina ng Qur’án.

## Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Wudú’

Ang pagsasagawa ng wudú’ ay kailangang ayon sa tak-dang pagkasunod-sunod at tuloy-tuloy. Kailangan magtipid sa tubig.

1. Isapuso ang hangarin na magsagawa ng wudú’ at huwag bigkasin. Sabihin ang ***bismi -lláh*** بِسْمِ الله bago magsimula.
2. Hugasan ang mga kamay nang tatlong beses.
3. Magmumog at isinga ang tubig na ipinasok sa ilong. Gawin ang mga ito nang tigtatatlong beses.
4. Hugasan ang mukha nang tatlong ulit hanggang sa magka-bilang tainga at mula sa tinutubuan ng buhok sa noo hang-gang sa dulo ng balbas pababa.
5. Hugasan nang tatlong ulit ang kamay at braso mula sa dulo ng daliri hanggang siko. Magsimula sa kanan at isunod ang kaliwa.
6. Haplusin ang ulo nang isang beses. Basain ang mga kamay. Pagkatapos ay ihahaplos mula sa unahan ng ulo (sa tinutu-buan ng buhok sa noo) hanggang sa hulihan nito (sa tinutu-buan ng buhok sa batok) at ihaplos pabalik sa unahan ng ulo.
7. Hahaplusin nang isang beses ang mga tainga: ipapasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang ang likod ng mga tainga ay hinahaplos ng hinlalaki.
8. Hugasan ang mga paa nang tatlong beses mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa bukong-bukong. Magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa.
9. Matapos gawin ang lahat, mainam na bigkasin ang Shahá-datayn: ***ash'hadu allá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, wa ash'hadu anna Muhammadar rasúlu -lláh.***

**Paalaala:** Kailangang maabot ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan na kailangang hugasan sa wudú’. Kailangang alisin ang lahat ng mga bagay na nagsisilbing hadlang upang mada-luyan ng tubig ang bahagi ng katawan na kailangang hugasan o pahiran, tulad ng bagay na tila *wax* gaya ng *nail-polish* sa kuko. Ito ay maaaring ilagay muli matapos maghugas at hindi kailangang alisin hanggang hindi kailangan ang panibagong wudú’. Isa namang kataliwasan ang bendahe na kapag inalis ay magiging sanhi ng hapdi o sakit o karamdaman o pagkaa-lintana ng paggaling. Sa ganitong kalagayan, hindi na kaila-ngang alisin ang molde o bendahe. Sa halip, maaaring ang ipanghalili ay ang pagpupunas nang bahagya ng basang kamay sa ibabaw ng bendahe. Ang isa pang kataliwasan ay ang pag-pupunas sa medyas.

---

[1] **S**allalláhu **‘A**layhi wa **S**allam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.